



Mga Neighborhood para sa Lahat



Kabuuang Buod sa Pamamahala

An isang mataas na kalidad ng pamumuhay, likas na kagandahan at masaganang ekonomiya ay patuloy na umaakit ng mga bagong residente sa Seattle. Mula noong 2010, ang lungsod ay nagdagdag ng higit sa 105,000 residente, na humigit pa sa 700,000 noong taong 2017. Ang isang implikasyon ng pagsaganang ito ay ang pagtaas ng mga presyo ng mga bahay, na lumilikha ng pagtaas sa pagiging eksklusibo ng mga single-family neighborhood. Ang pagpapahintulot ng mas maraming pabahay sa mga single-family zone, lalo na sa mga mamahaling lugar, ay kritikal sa paghinto ng paglayas ng mga pinakamahihirap na komunidad sa Seattle.


Ang mga oportunidad para makakuha ng tirahan para sa mas maraming tao ay makakakatulong din sa pag-alis sa mga hadlang na nagpahintulot ng pahihwalay ng lahi (racial segregation) sa Seattle. Ang pagtatatag ng flexible zone na nagtataguyod sa iba't ibang mga kultura na neighborhood ay:

- Magpapalakas sa mga maliliit na negosyo
- Magdadagdag ang pagpapanatili ng kapaligiran (sustainability)
- Magtataguyod ang mga layunin ng lahi at inisyatibo para sa makatarungang panlipunan (race and social justice initiative)
- Magpapalaki ng access sa transit para sa mas maraming mga tao
- Magpapahusay ng access sa mga madaling malakaran na neighborhood
- Magpapalikha ng mga pagkakataon para sa mga susunod na henerasyon, pati na rin sa mga manggagawang mababa ang kita, upang manirahan sa lungsod

Ang trabahong ito ay ginagawa ng Seattle Planning Commission sa pag-asang mapatuloy ito sa napapanahong usapin tungkol sa pag-usisa sa aming mga patakaran sa paggamit ng lupa.

Ang mga Rate ng Homeownership ayon sa Lahi at Etnisidad

Pinagmulan ng Impormasyon: 5 Taong Pagtatantiya ng American Community Survey sa taong 2016



Sa Seattle, ang mga puti na residente ay may mas mataas na porsyento ng pag-ari ng bahay kumpara sa lahat ng iba pang mga lahi/grupong etniko.

Ang pinakamahalagang layunin ng ulat na ito ay hikayatin ang pagbabalik ng pinaghalong pabahay at huwaran sa pagde-develop na natatagpuan sa karamihan ng mga mas nakatatanda at pinakamadalas na nilalakaran na neighborhood sa Seattle.

Mga Neighborhood para sa Lahat

Buod ng Mga Obserbasyon

Ang malalaking parte ng Seattle na may restriksyon sa isang bahay kada lote ay mabilisang nagiging mas mahal, na hindi isinasama ang maraming mga tao.


- **Ang halaga ng pabahay sa mga area na natalagang single-family zone ay patuloy ang pagtaas.** Mula noong Agosto 2018, ang karaniwang presyo ng tahanan sa Seattle ay \$753,600—may pagtaas na higit sa \$100,000 mula Pebrero 2017.
- **Ang patuloy ng pagtaas ng mga presyo ng bahay ay nakaka-apekto sa kasalukuyan at panghinaharap na mga residente.** Ang tumataas na presyo ng buwis sa ari-arian ay magpupwersa sa mga low-income na may-ari ng kanilang bahay na umalis mula sa kanilang mga bahay, habang ang mga bata na pinapalaki sa Seattle ay maaaring hindi makayanang magbayad para manirahan sa lungsod bilang mga adulto.
- **Habang ang masmalalaki at masmamahaling mga bahay ay pumapalit sa mas maliliit, ang katangian ng neighborhood ay nagbabago sa kabila ng single-family zoning.** Ang karaniwang laki ng mga hiwalay na bahay sa Seattle ay lumaki nang higit sa 1,000 sq. ft. kung ikukumpara noong 1900's noong ang Craftsman-style na bungalow ay naging sikat. Tatlo sa sampung (3 sa 10) kasambahay na nagmamay-ari ng kanilang tirahan ang kumikita ng maskaunti kaysa sa panggitna na kita sa lugar. Kaunti lamang ang ekonomikong pagkakaiba-iba ng mga may-ari ng tirahan kaysa sa mga sambahayan na umuupa lang.
- **Maliban sa pag-unlad ng Seattle, ang ilang mga lugar sa lungsod ay may maskaunting residente kaysa noong 1970.** Bagamat ang lungsod ay nagdagdag ng higit sa 180,000 mga residente mula noong 1970's, ang ilang mga lugar sa lungsod ay mas kumauti ang populasyon. Iyong mga lugar na pangunahing binubuo ng mga single-family zoning sa malalaking mga lote.

Ang saklaw ng mga uri ng pabahay ay nalilimitahan ng dami ng mga single-family zoning.

- **Kulang sa Seattle ang mapagpipiliang mga uri ng pabahay na maaaring tumanggap ng mas maraming mga uri ng sambahayan.** Ang karamihan sa mga pabahay sa Seattle ay mga single-family na pabahay o mga apartment sa malalaking mga gusali.
- **Ang ilan sa mga lupain sa Seattle ay nagpapahintulot sa multifamily residential.** 75% porsyento ng lahat ng lupain na maaring tirahan ng Seattleites ay nasa zone na para sa single-family. Ang ibig sabihin nito ay ang mga masmayayamang sambayanan ay may masmadaming mapagpipilian na lokasyon kung saan sila maninirahan kaysa sa mga mas-maliliit ang kaya o sa mga may gustong ibang uri ng pabahay.

Kita ayon sa Posisyon

Pinagmulan: CHAS 2010-2014.




Tatlo sa sampung sambahayan na nagmamay-ari ng kanilang tirahan ay kumikita ng maskaunti kaysa sa panggitna na kita sa lugar. Kaunti lamang ang ekonomikong pagkakaiba-iba ng mga may-ari ng tirahan kaysa sa mga sambahayan na umuupa.

Unit ayon sa Uri ng Gusali

Pinagkuhanan ng Impormasyon: 5 Taong Pagtatantiya ng American Community Survey sa taong 2016

Ang karamihan sa mga pabahay sa Seattle ay mga single-family na pabahay o mga apartment sa malalaking mga gusali. Ang karamihang mga unit ay nasa malalaking mga gusali at nakadikit na mga tirahan tulad ng mga "row house" o nakahilerang mga tirahan, habang ang bilang ng mga maliliit na apartment na gusali ay kumaunti.



Ang single-family zoning ay naglilimita ng my oportunidad sa mga uri ng pabahay na isinasama ang mga tao na nasa iba't ibang edad at ibang ibang yugto ng buhay.

- **Ang Seattle ay may nagbabagong populasyon na malawak ang saklaw sa mga pangangailangan sa pabahay, ngunit ang mga patakaran sa pabahay ay nagpapanatili na halos kalahati ng lupain ng Seattle para sa isang uri ng pabahay.** Ang bilang ng mga sambahayan na may mga anak ay lumaki mula nang taong 2010. Ang bilang ng mga sambahayan na may mga adulto na higit sa edad na 65 taong gulang ay dumarami rin. Kabilang dito ang mga "empty nester" (mga magulang na matatanda na ang mga anak at hindi na nakatira sa kanilang tahanan) na maaaring hangad na tumira sa mas maliit na bahay ngunit gustong manatili sa neighborhood.
- **Ang lumalawak na mapagpipilian sa pabahay sa mga single-family zone ay naghahangad ng higit pa sa mga accessory dwelling unit at mga cottage sa likod-bahay.** Kahit na sa pagpapatupad ng mga regulasyon na mas madaling sundan, tinatantiya ng isang pag-aaral ng Lungsod na hanggang 3,330 accessory dwelling unit lamang ang itatayo sa buong lungsod sa loob ng susunod na 10 taon.


Ang karamihan sa mga madaling malakaran at sikat na mga neighborhood sa Seattle ay ginawa bago nagkaroon ng single-family zoning at bago nagkaroon ng maliliit na sukat na lote.

- **Ang mga pamantayan na itinatag noong 1950's ay nagbabawal sa mga bagong development mula sa paglilikha ng iba't iba, madaling malakaran, at maayos na tirahan na mga urban na neighborhood na dating nangingibabaw sa Seattle.** Maraming mga lugar ng mga single-family zone ngayon ay natatag na zone bilang "Second Residence District" noong 1923, na pumayag sa multifamily na pabahay. Ang karamihan sa mga gusaling iyon ay nananatili pa rin sa ngayon, ngunit hindi na maaaring itayo kahit na ang small-scale at multi-family na housing ay naaakma sa mga single-family zone.

Ang kasalukuyang zoning ay hindi nagtataguyod ng patas na access sa mga pampublikong amenity at asset.


- **Ang single-family zoning ay naglilimita sa bilang ng mga samahayan sa loob ng maigsing distansya sa mga parke at paaralan.** Ang mamahaling presyo upang bumili ng tirahan sa single-family zone na lugar ay nagbabawal sa pag-access mga serbisyong kailangan at kultural batay sa kita.
- **Ang kasalukuyang zoning ay nagpapatagal sa kasalukuyang ginagawan redlining (pagtanggap sa isang loan sanhi ng tinitirahan na itinuturing na isang pinansiyal na peligro), pagbabawal sa pagbili sanhi ng lahi o kulay ng balat, at di pagkapatas sa pag ari ng bahay.** Sa Seattle, ang mga puting residente ay may mas mataas na porsiyento ng pagaari ng bahay kumpara sa lahat ng iba pang mga lahi/grupong etniko. Ang mga pagkakaiba sanhi ng lahi sa homeownership na nakikita ngayon ay isang konsekuwensya ng diskriminasyon na mga patakaran sa pabahay na inilalagay ang mga sambahayan na tinitirahan ng mga taong iba ang lahi o ibang kulay ng balat sa na pagkadehado dahil sila ay di pinagkalooban ng mga oportunidad na magkaroon ng patas sa pakikitungo sa pagmamay-ari ng tirahan.

Pamamahagi ng Zoning na Nagpapahintulot sa Residential na Paggamit



75% ng lahat ng lupain na tinitirahan ng Seattleites ay nasa zone para sa single-family.

Pamamahagi ng Mga Pagmamay-ari na Sambahayan ayon sa Lahi



Ang karamihan sa mga homeowner sa Seattle ay puti, habang mas mababa sa isang-katlo (one-third) ng mga may-ari ng mga sambahayan ay ibang lahi o kulay.

"Ang kasaysayan ng Seattle ay hinubog ng pagkakahiwalay-hiwalay sanhi ng lahi at ang kawalan ng mga asset na nagiging sanhi ng kawalan ng kita ng mga komunidad ng ibang lahi at ibang kulay."

- Seattle Comprehensive Plan


Ang mga benepisyo at kahirapan ng pag-unlad ay hindi patas na naipamahagi sa kabuuan ng Seattle.

- **Ang karamihan ng pag-unlad ay nasa maliit na bahagi ng Seattle lamang.** Mula pa noong 2006, higit sa 80% ng pag-unlad ng Seattle ang naganap sa mga urban na village at center na bumubuo sa maskaunti pa sa 25% ng lupain ng Seattle.
- **Ang mga area na na-zone na single-family ay napoprotektahan mula sa pagtatanggap ng mga bagong sambahayan.** Limang porsiyento (5%) lang ng mga bagong net unit sa Seattle mula 2010-2017 ang ginawa sa mga area na na-zone na single-family, kahit na ang halos kalahati ng parcel acre ng Seattle ay na-zone bilang single-family. Ang karamihan sa mga lugar na iyon ay malapit sa transit, ay nakinabang mula sa mga ipinuhunan sa publiko tulad ng mga sidewalk, mga parke, at mga paaralan; gayunman, ang mahigpit na zoning ay pumipigil mula sa kanila na tanggapin ang pag-unlad sa pamamagitan ng pagpaparami ng pabahay.
- **Ang pagbabawal ng pabahay sa mga area kung saan ang halaga ng property ay higit na nababago ang pamumuwersa ng development sa mga area na pinagbabantaan nang maililipat ng lugar ng tirahan.** Ang mga potensyal na mamimili ng bahay na hindi nakakabili dahil sa kataasan ng presyo ay naghahanap ng mga opsyon sa mga kapitbahayan na may abot-kayang presyo, na nagsusulong ng pag-alis ng mga kasalukuyang residente, maliliit na negosyo, at mga pundasyong kultural. Ang sistemang ito ay nagbibigay ng isang bahagi ng populasyon— mga puting may-bahay na higit na mayaman—ng higit na kapangyarihan upang magpasiya kung ano ang hitsura ng Seattle, kung paano ito lumaki, ang kung saan maaring tumira ang mga residente.

Kailangan ng Seattle ang mga estratehiya upang mapalago ang maskumpletong at nalalakarang mga kapitbahayanan.

- **Ang kasalukuyang single-family zoning ng Seattle ay nagpapahintulot sa isang uri lamang ng development na hindi naghahandog ng iba't ibang uri at lakas para mapalawak ang madaling malakaran at madaling gamitin na transit na mga lugar.** Ang single-family zoning ay pumipigil sa kakayahan na dahan-dahang na magdagdag ng halo-halong mga gamit at lakas na kinakailangan para masuportahan ang madaliang malakaran ng mga daan at kadaliang gumamit ng transit sa masmaraming lugar sa lungsod.

Pinapahintulatang Residential na Gamit ayon sa Uri



Dalawampung porsiyento (20%) lang ng mga single-family unit ay inuupahan, at ang mga umuupa ay karamihang masbabang kita kaysa sa mga may-ari ng tirahan.

1 sa 5 mga single-family na bahay ay inuupahan.



Ibago ang diskarte sa paglago ng Seattle upang makasali ang lahat ng mga lugar na residential sa buong lungsod.

- **Palawakin ang lahat ng naitakdang urban village ng 15 minutong mga walkshed mula sa madalas na sinasakyan ng transit.** Sa kasalukuyan, ang maraming mga urban village sa Seattle ay may lubos na makikitid na hangganan, na nagdudulot ng limitasyon sa bilang ng mga sambahayan na may access sa mga serbisyo at amenity na ito.
- **Itaguyod ang unti-unting pagsulong ng estratehiya sa pag-unlad ng Seattle para magkaroon ng mga kumpletong neighborhood sa labas ng mga urban na village.** Ang diskarte ng paglago ng Seattle ay lumilikha ng situwasyon na kung saan imposibleng maunawaan kung alin ang dapat mauna: ang isang lugar para sa pangkahalatan ay kailangang matugunan ang kahulugan ng isang madalas na transit node upang maging o palawakin ang isang urban village at magdagdag ng density, ngunit ang kakayahang kinakailangan upang suportahan ang madalas na pagbibiyaha ay mahirap na makamit nang walang pagtatatag o pagpapalawak ng isayng urban village.
- **Ang pagtatatag ng bagong kriteriya para magtalaga at mapalawak ang bagong residential urban village na pumapalibot sa mahalalagang serbisyong ginagamit sa kasalukuyan at sa mga serbisyong ipapalano para sa kinabukasan.** Ang estratehiya na magpahintulot ng maraming mga tirahang malapit sa mga parke at paaralan ay magtitiyak na ang mga komunidad ay maaaring umunlad sa palibot ng mga puhunang publiko na nagbibigay kontribisyon sa kadaliang pagtira sa lugar (livability).



Photo: Seattle Dream Homes

Isang corner duplex sa Seattle.

Lumikha ng pagtatalaga ng zoning na nagtataguyod ng nilalayong pisikal na anyo at sukat ng mga gusali habang ang pagiging maspatas sa mga desisyon at isinasama ang lahat ng mga uri ng tao.



- **Baguhin ang pangalan ng "Single-Family" zoning at gawing "Neighborhood Residential."** Ang katawagan na 'Single Family Zone' ay isang maling katawagan, dahil ang mga tao at roommate ay roommate ay maaaring tumira nang sama-sama sa isang bahay kahit na hindi sila magkapamilya. Ang pagbabago ng pangalan ng zone para maging Neighborhood Residential ay mas maipapakita ang katangian ng zone, nang hindi nagmumungkahi na mga pamilya lang ang maaaring tumira doon.

Mag-aruga ng mas malaking saklaw na mga uri ng pabahay sa lugar na may access sa mahalalagang komponente ng kadaling matirahan ng isang lugar (livability).

- **Magtatag ng isang pagtatalaga na magpapahintulot ng maraming uri ng pabahay sa loob ng mga single-family zoned area na malapit sa mga parke, mga paaralan, at iba pang mga serbisyo.** Ang dahan-dahang pagpapahintulot ng "missing middle" na mga uri ng pabahay sa mga lugar na ito ay makakapagpahintulot ng paggamit ng mga sebisyo ito para sa mas maraming mga sambahayan, maitatag ang suporta para sa mga distrito ng kalakal at mapahusay ang transit, habang napananatili ang ninanais na sukat ng pamumuhay.
- **Gumawa ng mga pamantayan sa disenyo para sa iba't ibang uri ng pabahay para mapahintulot ang pag-unlad na katugma sa sukat ng kasalukuyang mga pabahay.** Ang pagtitiyak na ang bagong development ay katugma sa sukat na kinakailangan ng paglilikha ng mga pamantayan sa pag-unlad at disenyo para sa tiniyak na mapapayagang uri ng pabahay.
- **Baguhin ang mga regulasyon ng paradahan para mabigyang pryoridad ang espasyo para sa pabahay at pampubliko imbes sa paradahan ng kotse.** Ang kinakailangang paradahan sa lugar ay tumatangal ng espasyo na magagamit para sa karagdagang pabahay o bukas na espasyo. Ang pagka-prioritize ng sasakyan sa ganitong paraan ay kontra sa aming mga layunin ng sustainability at layunin sa kilma. Habang ang mga daanan at mga garahe ay maaari pa ring pahintulutan, ang mga tao ay hindi kinakailangang maglaan ng espasyo para sa mga sasakyan imbes sa pabahay o espasyo para sa mga punungkahoy—lalo na kung pinili nilang hindi mag-aari ng kotse.

Panatilihin ang kasalukuyang mga pabahay habang nagdadagdag ng iba't-ibang aring pabahay para sa masmadaming tao.

- **Pahintulutan ang pagbabago ng mga kasalukuyang bahay sa mga multiple unit.** Ang pagtatanggap ng masmadaming taong may bahay ay isang mabisang estratehiya na ginagawang mas-accessible ang mga neighborhood at gumagamit ng kasalukuyang mga pagkukuhanan ng tulong at impormasyon sa paraang mas-sustainable.
- **Magpahintulot ng mga karagdagang unit sa mga coner lot, mga lote sa mga alley o pasilyo at mga sumasangay na daan dito, at mga lote sa mga dulo ng zone.** Ang pagpapahintulot sa mga naaangkop na setback at sakop na lote ay magpapadali sa paglalagay ng mga karagdagang unit sa lote o iparte-parte nang hindi kinakailangang tibagin ang kasalukuyang bahay.
- **Bigyan ng insentibo ang pananatili ng mga kasalukuyang bahay sa pamamagitan ng paggagawang mas-umaangkop na mga pamantayan sa development kapag nagdadagdag ng mga unit.** Ang pagpapahintulot sa mga naaangkop na setback at sakop na lote ay magpapadali sa paglalagay ng mga karagdagang unit sa isang lote o iparte-parte nang hindi kinakailangang tibagin ang kasalukuyang bahay.
- **Magbigay ng mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong teknikal at disenyo para sa mga may-ari ng lupa at mga komunidad para muling ma-develop at mapanatili ang pagmamay-ari.** Kabiliang sa mga ito ang: paggamit ng geographic information system (GIS) databases para masabi sa mga homeowner na ang kanilang mga parcel ay tiyak na angkop para sa pagpapalawak na development, paglilikha ng mga pre-approved na plan, pagpapabilis sa proseso ng pagkuha ng permit, at pagturo sa mga homeowner hinggil sa posibleng estratehiya sa financing.



Ang parehong-laking gusali na pinalalagian ng isang sambahayan na binubuo ng apat na tao ay maaari ring magpatuloy sa apat na sambahayan na may iba't ibang laki.

Hikayatin ang mas compact na development sa lahat ng mga lote.

- **Bawasan o alisin ang kahilingan para sa minimum na laki ng lote.** Hanggang noong 1957, ang Seattle ay walang minimum na laki ng lote para sa mga single-family zone, at maraming masmatatandang neighborhood ang nakapagtayo ng mas maliit na mga bahay sa mas maliit na lote. Ang mga bahay na iyon na mas maliit ay maraming mga porch at pintuan na nakaharap sa kalye, at samakatuwid, ay nagpapahusay sa karanasan sa paglalakad ng pedestrian.
- **Lumikha ng mga insentibo sa pagtatayo ng higit sa isang unit sa mas malalaking lote.** Ang paghihiling o pagbibigay ng insentibo sa higit sa isang unit sa malalaking lote ay makapagtitiyak na ang lupa ay gagamiting mahusay habang sinusupportahan ang masmadaling malakaran na mga neighborhood.
- **Bigyang limitasyon ang laki ng mga single-unit na istruktura, lalo na sa mas malalaki kaysa sa karaniwang mga lote.** Ang pagbabawas sa pinahihintulatang laki at sukat ay makapagbawas sa insentibo para mapalitan ang mga kasalukuyang bahay ng mas malalaki at mas mamahalin na mga bahay habang tinitiyak na ang katamtaman at para sa pamilyang laking mga unit ay naihahandog rin.

Tiyakin na ang bagong pabahay ay nagsusuporta sa mas malawak na pagkakaiba-ibang mga kultura na sambahayan.

- **Panatilihin at paramihin ang family-sized at family-friendly na pabahay.** Upang matiyak na ang pagbabago sa single-family zoning ay hindi magbabawas ng mga yunit ng sambayanan ng pamilya, ang mga diskarte sa infill ay dapat na dinisenyo upang hikayatin ang isang hanay ng mga laki ng pabahay at mga tampok na madaling tumanggap ng isang pamilya.
- **Alisin ang limitasyon sa mga nakatira na mga hindi magkakamag-anak na tao sa single-family zones.** Ang limitasyon sa paninirahan nang hindi na kamag-anak (na walang nauugnay na limitasyon para sa mga magkakaugnay na tao) ay nagpaparusa sa mga roommate o mga non-nuclear na pamilya, at ginagawang hamon ang pagbabago ng mga lumang malalaking bahay para gawing mga apartment. Ang regulasyon ng zoning ay dapat na tungkol lang sa dami at uri ng gusali, at hindi para sa mga naninirahan dito.

Ang mga estratehiyang ito ay magpapahintulot sa dahan-dahan at unti-unting muling pagpapakilala ng mga makasaysayang mga modelo ng gusali habang tumutulong na mapangalagaan ang mga ito kahit kasabay nating tinatanggap ang mas maraming mga residente anumang ang laki ng kinikita, anuman ang edad at lahi.

Kinikilala ng Seattle Planning Commission na maraming residente ay magsasabing ang mga rekomendasyong nasa ulat na ito ay kontrobersyal, at ang ilan ay makakahanap ng hindi kanais-nais. Hindi naming ginawa ang mga ito nang basta-basta. Ang ilang mga miyembro ng Commission ay mga residente mismo ng mga kapitbahay na kasalukuyang nasa single-family zone, at nauunawan nila ang apela ng tradisyonal na anyo, lalo na ng maslumang mga kapitbahayan.

Ang layunin ng ulat na ito ay kumuha at mapanatili ang modelo ng sukatan ng mga neighborhood na ito habang lumilikha ng mas maraming mga opsyon para sa kasalukuyan at panghinaharap na mga may-ari at mga uupa.



Photo: NWMLS

Ang isang duplex sa Seattle, na nagpapakita ng iba't ibang sukat ng mga multi-family na istruktura..



Photo: NWMLS

Ang single-story na quadplex ay angkop sa sukat ng mga pumapalibot na mga bahay, at pinapaayos ang daloy sa kalye sa pamamagitan ng maramihang mga hintuan at pasukan.



Photo: PCRI

Isang moderno at maliit na triplex na gusali.

Tungkol sa Commission


Pinapayuhan ng Seattle Planning Commission ang Mayor, City Council at mga departamento ng Lungsod sa malawakang plano ng layunin, mga patakaran at mga plano para sa pisikal na pagunlad ng Lungsod. Ang trabaho ng Commission ay binabalangkas sa Comprehensive Plan at ang mithiin nito para sa Seattle sa 21st Century, at ng panangagutan nito sa pagsasali sa mga mamamayan na magtrabaho patungo sa pagpapalano at pagtatrabaho para maabot ang mga layuning ito.

Ang Seattle Planning Commission ay isang independiyente at 16 miyembrong advisory body na binubuo ng Mayor, City Council at ng Commission mismo. Ang mga miyembro ng Commission ay mga boluntaryo na nagdadala ng maraming mga kadalubhasaan at magkakaibang mga pananaw sa mga tungkuling ito.

Listahan ng Mga Commissioner



Michael Austin,
Pioneer Square



Eileen Canola,
Victory Heights




Sandra Fried,
Columbia City



David Goldberg,
Wallingford



Veronica Guenther,
Capitol Hill



Grace Kim,
Capitol Hill



Ellen Lohe,
Mt. Baker



Rick Mohler,
Tangletown



Tim Parham,
Othello



Marj Press,
Wallingford



Kelly Rider,
Whittier Heights



Julio Sánchez,
Central District



Amy Shumann,
Hilman City



Lauren Squires,
Othello



Jamie Stroble,
130th station area



Patti Wilma,
Wedgewood